sa nagkasala bago pa man Siya hanapin ng taong nagkasala, ay tunay na makapagpapalakas ng ating loob at tunay na magbibigay ng kaaliwan sa atin!

Ang Panginoon ay napakabuti at mapagpatawad (hango sa Awit 86:5 TPV). Ipinadarama Niya ang tapat Niyang pag-ibig (hango sa Mikas 7:18 TPV). Hindi Niya *"nais na kayo'y mapahamak"* (2 Pedro 3:9 TPV). Ibig niyang ang lahat ng tao ay maligtas at makaalam ng katotohanang ito (hango sa 2 Timoteo 2:4). Tinangisan Niya ang Jerusalem, na ayaw maniwala sa Kanya. Sabi ng Diyos, *". . .akong si Yahweh, ang buhay na Diyos, ay hindi nasisiyahan na ang sinuma'y mamatay sa kanyang kasamaan; nais kong siya'y magbagong-buhay. Sabihin mo ngang magbagong-buhay sila pagkat di sila dapat mamatay sa kanilang kasamaan"* (Ezekiel 33:11 TPV).

Marahil ay naniniwala ka ngang mapapatawad ng Panginoong Jesu Cristo ang iyong mga kasalanan. Subalit napatawad na nga ba ang iyong mga kasalanan? Nanangan ka na ba sa Panginoong Jesu Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtitiwala sa Kanya; at nakatagpo ka na ba ng kapayapaan sa pamamagitan ng Kanyang banal na dugo? Lubos na nanganganib ang iyong kaluluwa. Kapag namatay ka nang hindi napapatawad ang iyong mga kasalanan, haharapin mo ang nakatatakot na paghatol ng Diyos, at mapaparusahan ka sa Impiyerno nang walang hanggan – WALANG PAG-ASA!

Hango sa sinulat ni Dr. J.C. Ryle

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko pong ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala po ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu Cristo sa krus para sa akin. Handa ko pong talikuran ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko po ngayong inaanyayahan ang Panginoong Jesus sa aking puso at buhay para maging sarili kong Tagapagligtas. Handa rin po ako, sa Inyong tulong at biyaya na sumunod sa Kanya bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-espirituwal o dagdag na sipi ng babasahing ito, maaaring sumulat sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, Makati Central
Post Office

Ang Kapatawaran Ng Mga KASALANAN



ANG KAPATAWARAN NG MGA KASALANAN

Kapag naglalakad ako sa gitna ng maraming tao, nakikita kong may mga nakatuon sa paghahanap ng kaaliwan at mayroon namang nakatuon sa kanilang mga negosyo – ang ilan ay mukhang mayaman at ang ilan ay mukhang mahirap. Subalit walang sinumang babae o lalaki na nabubuhay ngayon ang hindi nangangailangan ng kapatawaran para sa kanilang mga kasalanan – kung hindi ay hahatulan sila ng kaparusahan sa Araw ng Paghuhukom. Ang malaman na kailangan mo ng kapatawaran para sa iyong mga kasalanan ang unang hakbang patungo sa Langit. Ang kasalanan ay isang mabigat na pasanin na kinakailangang tanggalin muna mula sa atin. Ang tao ay dapat linisin mula sa kasalanan sapagkat karumihan ang dulot nito. Ang kasalanan ay isang napakalaking pagkakautang na dapat bayaran,

Paano makakamit ang kapatawaran ng mga kasalanan? Kaibigan, may isang tiyak na paraan upang magkaroon ka ng kapatawaran. Ito ay ang sumampalataya sa Panginoong Jesu Cristo bilang sarili mong Tagapagligtas. Ang kahulugan nito ay ang kusang-loob mong pag-aalay ng iyong makasalanang kaluluwa kay Cristo – ang paghinto sa pagtitiwala sa iyong sarili at sa mga gawaing makapagdudulot ng kaligtasan – at sa halip ay tanging kay Cristo lamang at sa Kanyang ginawa dapat ilagay ang iyong buong pagtitiwala. Ito ang paglalagay ng iyong tiwala sa kabanalan ni Cristo bilang tanging batayan ng iyong pag-asa upang makamtan ang buhay na walang hanggan.

Gawin mo ito at ikaw ay mapapatawad at ang iyong kaluluwa ay maliligtas. Ang sabi ni Pablo patungkol kay Cristo, *"Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na ang bawat sumasampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan"* (Gawa 10:43 RTPV). Sinabi rin niya sa mga taga-Antioquia: *"Dapat ninyong malaman, mga kapatid, na sa pamamagitan ni Jesus ay ipinangaral sa inyo na ang kapatawaran ng kasalanan. At ang lahat ng sumasampalataya sa kanya ay pinapatawad na sa lahat ng pagkakasala. . ."* (Gawa 13:38-39 RTPV). Isinulat din ni Pablo sa mga taga Colosas na si Jesus ay *"...nagpalaya at nagdulot sa atin ng kapatawaran sa ating mga kasalanan"* (Colosas 1:14 RTPV).

SI JESUS LAMANG ANG TANGING TAGAPAGLIGTAS

Dala ng Kanyang dakilang pag-ibig at habag, naghandog ng buo at ganap na kabayaran para sa ating mga kasalanan ang Panginoong Jesu Cristo nang Siya ay mamatay para sa atin. Doon sa krus ay inialay Niya ang Kanyang buhay at sarili at Kanyang inako ang poot at kaparusahan ng Diyos na dapat sana ay tayo ang tumanggap at nagdusa.

Bilang kabayaran sa ating mga kasalanan, inialay Niya ang Kanyang sarili, nagdusa at namatay – ang matuwid para sa di-matuwid, si Jesus na walang kasalanan para sa ating mga makasalanan – upang palayain tayo mula sa sumpa ng pagsuway sa utos ng Diyos, at magbigay ng ganap na kapatawaran para sa lahat ng taong tatanggap nito. Nang gawin Niya ito, sabi nga ni Isaias, "pinasan Niya ang ating mga kasalanan;" ayon kay Juan na Tagapagbautismo, "inalis Niya ang kasalanan;"ang sabi ni Pablo, "pinawi Niya ang kasalanan;" at ayon kay Daniel, "winakasan Niya ang kasamaan at pinatigil ang pagsuway."

Ang pagtalikod mula sa mga kasalanan at ang pagtitiwala sa Panginoong Jesu Cristo ang mga bagay na dapat nating gawin para mapatawad ang ating mga kasalanan. Ang paglapit kay Jesus nang may pananampalataya at pagsisisi sa ating mga kasalanan – ang magtiwala, manatili, manangan, makipagniig, at magtalaga ng ating mga kaluluwa sa Kanya pati na ang pagwawaksi ng lahat ng iba pa nating maaaring asahan maliban sa Panginoon Jesus lamang – iyan nga ang hinihiling ng Diyos mula sa iyo. Kung ito ay iyong gagawin, matatanggap mo ang kaligtasan, ganap na kapatawan sa iyong mga kasalanan, at ang iyong mga pagsuway ay lubos na mahuhugasan.

Inaanyayahan ka ni Jesus, *"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na napapagal at nabibigatan sa inyong pasanin, at kayo'y pagpapahingahin ko"* (Mateo 11:28 TPV). Dapat ay maging malaking kaaliwan para sa akin ang makatanggap ng kahit anong uri ng kapatawaran. Subalit ang marinig si Jesus na Siya mismo ang nag-aanyaya sa atin, ang makita na Siya ang nag-aabot ng sarili Niyang kamay, ang Tagapagligtas na Siyang humahanap